# CN Tourism Summit 2014, pagpapalakas ng private-gov't sustainable tourism partnership

Bilang hakbang sa pagsusulong ng industriya ng turismo sa lalawigan, isinagawa ang *Camarines Norte Tourism Summit* noong Marso 5-6 sa *Villa Mila Garden Resort and Conference Center*, Daet na dinaluhan ng mga *tourism stakeholders* sa buong probinsiya.

Naging tampok dito ang paglagda ng mga dumalo sa isang *Covenant* o Kasunduan na nagpapahayag ng pangako para sa matapat at marubdob na pagtulong sa pagsusulong ng turismo ng lalawigan.

Sa mensahe ni Gobernador Edgardo A. Tallado sa pagsisimula ng *tourism summit* ay kanyang ipinahayag ang kanyang masigasig na hangarin na mabuo ang isang kumprehensibong *provincial tourism action plan* at ang pagpapalakas sa *Provincial Tourism Council (PTC)*.

Mahalagang mabatid ang mga *Best Tourism Practices* sa ibat'-ibang lugar upang maging batayan kung kaya ito ang paksang pangunahing tinalakay ng isang awtoridad na tagapagsalita ukol sa bagay na ito, dili't walang iba kundi si dating *Department of Tourism (DOT) Secretary Mina Gabor.*

Inanyayahan din ang isa pang bihasa sa larangan ng turismo at tubong Vinzons, Camarines Norte na si *Dir.* Roberto P. Cereno ng *University of the Philippines*, Los Baños *(UPLB)* at tumalakay sa mga paksang:

- *Towards Sustainable Tourism;*
- *The Stakes and Stakeholders in Tourism;*
- at *Tourism Product Development, Marketing and Promotions.*

Kasunod nito, pinangasiwaan din ni *Dir.* Cereno ang mga *workshops* para sa:


- *Assessment of Camarines Norte's Potentials and Challenges;*
- *Assessment of Camarines Norte's Tourism Industry;* at ang panghuli ay ang
- *Strategic Plans and Programs.*

Dumating din si *DOT 5 Consultant* Danilo B. Intong na inilahad ang *National & Regional Tourism Trends and Prospects* pati na ang *Tourism Act of 2009* at ang *Implementing Rules and Regulations (IRR)* nito.

**(Sundan sa pahina 4)**



*Isang kumprehensibong Provincial Tourism Action Plan ang ating kailangan, bigkas ni Gob. Tallado.*





*Ang mga dumalo sa Tourism Summit ay lumagda sa isang kasunduan ng masigasig na pagkakaisa at pagtutulungan upang isulong ang turismo ng lalawigan.*

## Nasa Loob

Libreng pagsusuri sa sakit sa isip isasagawa ng BMC sa Abril 3 sa Daet p2
Outstanding Principal ng Camarines Norte dating SK Barangay Chairman p2
Basud PNP kinilalang Best Police Station p2
e-data base para sa emergency planning bubuuin p3
Hon. Gov. Edgardo A. Tallado message to the graduates p4
Mga piling larawan p5
Pahayag ng PROVET, Anti-rabies vaccine hindi dahilan ng pagkakagalis ng aso p6
Sinisimulan panibagong pagkakakitaan-fertilizer mula sa basura at castor bean seeds production p6
Prov'l. jail boarders patuloy na sinasanay sa massage therapy atbp. skills training p7

Tagumpay ng Katuwiran, Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

TAON 4, BLG. 11 DAET, CAMARINES NORTE MARSO, 2014
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com

# DILG-OPDS sinisigurong mahusay ang implementasyon ng mga proyektong farm to market road, water systems sa Labo

Ang mga kinatawan ng *Office of Project Development Services (OPDS)* ng *Department of the Interior and Local Government (DILG)* ay nakipagpulong noong Marso 12, 2014 kay Gob. Edgardo A. Tallado kasama si *Provincial Engineer* Cesar C. Paita at si *Acting PPDC* Elena B. Austria, *PLGU* PAMANA *Focal Person* ukol sa mga proyektong PAMANA sa Camarines Norte na ipinatupad ng pamahalaang panlalawigan.

Ang limang (5) proyektong kanilang tinukoy na bibisitahin sa bayan ng Labo ay ang:

- Guisican *Level II Water System;*
- Masalong *Level II Water* System;
- Concreting *of* Tigbinan *Farm-to-Market Road (FMR);*
- *Concreting of* Maot *FMR*, at *Concreting of* Submakin *FMR.*
- Ang 4 na proyekto ay mula sa PAMANA

**(Sundan sa pahina 3)**



*Improvement of Water Supply System from Level 1 to Level 2, Brgy. Guiscan, Labo*

# Proyektong PAMANA magpapatuloy

Sa ilalim ng Payapa at Masaganang Pamayanan (PAMANA) 2014, umaasa si Punong Lalawigan Edgardo A. Tallado na ang mga proyektong kalsadang kanyang tinukoy sa mga bayan ng Capalonga at San Lorenzo Ruiz na gugugol ng P36 na milyon ay mapopondohan.

Ang panukalang 2 proyekto na gugugol ng kabuuang halaga na P 36 milyon ay ang: 1) *Upgrading and rehabilitation* ng 3 kilometrong *farm-to-market road (FMR)* ng barangay Villa Aurora sa bayan ng Capalonga (P21 milyon), at ang pagkokongkreto ng 2.14 kilometro kalsada sa mga barangay ng Matacong, San Isidro, San Ramon at Salvacion sa San Lorenzo Ruiz (P 15 milyon).

Inindorso na ito ng *Provincial Peace and Order Council (PPOC)* sa *Department of Agriculture (DA)* na

**(Sundan sa pahina 6)**

# Libreng pagsusuri sa sakit sa isip isasagawa ng BMC sa Abril 3 sa Daet

Isang mahalagang impormasyon at paanyaya ang ipinababatid ng Tanggapan ng Gobernador sa publiko lalo't higit sa mga nangangailangan ng pagsusuri ng doktor na espesyalista sa karamdaman o diperensya sa isip.

Sa ika- 3 ng Abril simula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon sa *Cam. Norte Agro Sports Center* ay isasagawa ng *Bicol Medical Center (BMC) Department of Psychiatry* ang ***Free Mental and Psychiatric Consultation*** alinsunod sa *Department of Health Access Program*.

Bukod sa libreng tsek-ap ay magbibigay rin sila ng libreng gamot kaya dapat samantalahin ang pagkakataong ito lalo na ng mga walang sapat na kakayahang pinansiyal upang bumili ng gamot para sa diperensya sa isip gayundin ang pagpapasuri na kapwa mahal ang presyo.

Kaugnay nito, maaaring magpatingin ang mga sumusunod:

- Mga indibidwal na may sintomas ng karamdaman sa isip ngunit ni minsan ay hindi pa nasusuri ng doktor;
- Maaari ring magpasuri ang nakapagpasuri na sa iba pang pagamutan gayon din ang mga naging pasyente nila sa *BMC* o mas kilala sa tawag na *Susano J. Rodriguez Mental Hospital* na nasa Cadlan, Pili, Camarines Sur;
- Mga indibidwal na may depresyon bunga ng matinding pinagdadaanan o mabigat na trahedyang naranasan;
- Mga nahihirapang labanan ang *alcoholism*, paggamit ng bawal na gamot, pagkagumon sa sugal o iba pang kahalintulad na sitwasyon;
- Mga indibidwal na may kakaibang biglaang pagbabago sa pag-uugali o may sintomas ng depresyon;

Samantala, mas makabubuti raw na masuri kaagad at magamot ang pasyente habang hindi pa malubha ang diperensiya nito sa pag-iisip, ayon kay *Dr.* Orville Jess Pandes, *Physician/ Psychiatrist* ng *BMC*. Dapat daw na ang pasyente o sinumang magpapasuri ay may kasamang kapamilya o kamaganak. Kinakailangan ding may baon silang pagkain para hindi magutom habang naghihintay sa pila.

Hinihiling naman ni

*(Sundan sa pahina 4)*





***BRIEFING FOR PSYCHIATRIC CONSULTATION:*** *(mula sa kanan) PSWD Officer* Cynthia Rodrigueza; Ma. Theresa Galvan, *Assistant Administrator Designate* ng *BMC Department of Psychiatry at Si Dr.* Orville Jess Pandes, *Physician/ Psychiatrist* ng *BMC habang nagpapaliwanag ng kaukulang* paghahanda para sa *Psychiatric mission*.

**(mula sa dulo kaliwa)** Amy Lopez-G.O., *OIC Provincial Administrator* Jose G. Boma, *Acting PIO/CAO IV* Jing A. Calimlim, *at* (*nakatalikod*) *Acting Provincial Health Officer Dr.* Myrna P. Rojas.

# Basud PNP kinilalang Best Police Station



Sa kabila ng pangit na imahe ng hanay ng kapulisan dahil sa maraming insidente ng iregularidad na kinasangkutan at patuloy na kinasasangkutan ng pulisya sa iba't-ibang panig ng bansa, ipinagpatuloy ng Basud *Municipal Station Station* ang pagbibigay ng pinaka-mahusay na serbisyo sa publiko.

Ang maayos na liderato ni *Police Insp.* Antonio Y. Lacson ang naging daan para mapaigting ang determinasyon at dedikasyon ng Basud *MPS* na maging masipag sa pagtugon sa tawag ng tungkulin, maging masikap at masipag na lingkod-bayan at matapang na suungin ang panganib sa ngalan ng serbisyo-publiko.

Hindi naman nasayang ang pagpupunyagi ng Basud *MPS* sapagkat pinarangalan itong *Best Municipal Police Station for 2013- Provincial Level* sa selebrasyon ng *23rd PNP Foundation Day* ng *Camarines Norte Police Provincial Office* na idinaos sa Camp Wenceslao Q. Vinzons, Sr., Brgy. Dogongan, Daet.

Kasunod nito, pinagtibay naman ng Sangguniang Panlalawigan ang Resolusyon Blg. 066-2014 bilang pagkilala sa katangi-tanging parangal na nakuha ng Basud *MPS* na dapat umanong gawing huwaran at dapat tularan hindi lamang ng hanay ng kapulisan kundi ng lahat ng kawani ng pamahalaan. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***

# Outstanding Principal ng Camarines Norte dating SK Barangay Chairman



***Si G. Antonio Maderal sa kanyang pahayag matapos na siya ay parangalan ng Sangguniang Panlalawigan sa regular na sesyon nito kamakailan.***

Si G. Antonio A. Maderal, tubong Jose Panganiban na nakatalagang *School Principal I* ng *Batobalani Elem. School (BES)* sa bayan ng Paracale ang tinanghal na *2013 Most Outstanding Public School Principal (Division Level)* ng *Department of Education (Deped)*, Camarines Norte. Tinanggap niya ang parangal sa bahagi ng *Managers' Committee Meeting (MANCOM)* ng *Deped* Camarines Norte na idinaos kamakailan sa Apolonia Hotel, Jose Panganiban.

Kaugnay nito, ipinalabas ng Sangguniang Panlalawigan ang Resolusyon Blg. 103-2014 bilang pagkilala kay G. Maderal na ipinakita ang dedikasyon sa mahusay na pag-aksyon sa tawag ng kanyang tungkulin lalo't higit ang maiangat ang kalidad ng edukasyon sa kanyang nasasakupan. Ang naturang resolusyon ay iniakda nina Bise Gob. Jonah G. Pimentel, Bokal Arthur Michael G. Canlas, at Bokal Senen M. Jerez.

Hindi man tubong Paracale, si Maderal ay ginawaran ng 'Galing ng Paracaleño *Award 2014* ng *LGU* Paracale dahil sa unang taon pa lamang ng panunungkulan niya noong SY 2012-2013, ang *BES* ay tinanghal na 'Brigada Eskwela 2013 *Best Implementor* (*exceptional category*) na nakuha ang unang puwesto sa *division*, *regional* at *national levels*. Sa pamumuno rin ni Maderal, pinarangalan ang *BES* bilang *Cleanest and Greenest Public School* sa bayan ng Paracale.

Si Maderal, bago naging guro ay naglingkod muna bilang Sangguniang Kabataan (SK) *Chairman* ng Brgy. Sta. Cruz, Jose Panganiban.

Una siyang naglingkod sa *DepEd* Camarines Norte noong 2004-2005 bilang *teacher-in-charge* ng *San Pedro Elem. School* at bilang *head teacher* ng Nakalaya *Elem. School* noong 2006-2007 – parehong sakop ng Jose Panganiban *West District*.

Noon namang *SY* 2007-2012, nanungkulan si Maderal bilang *Principal I* ng Gumaus *Elem. School*, at simula *SY* 2012 hanggang sa kasalukuyan ay patuloy na naglilingkod si Maderal bilang *Principal I* ng *BES*. ***LORENA DELA TORRE -IBASCO/jcalimlim***

# Prov'l. jail inmates patuloy na sinasanay

***(Mula sa pahina 7)***

kanyang mensahe sa okasyon si Gob. Tallado gayundin si *RCDN President Atty.* Luz Matilde Niña Dorotea T. Ortega.

Nagsilbing panauhing tagapagsalita sa okasyon si *Atty.* Ruben I. Romanillos, *Provincial Director* ng *Department of Labor and Employment (DOLE)* na siyang nagkumpirma sa hanay ng mga nagsipagtapos. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***

# e-data base para sa emergency planning bubuuin

Ang grupo ng *United Nations Children's Fund (UNICEF)* at Alcanz *Consulting Group Incorporated (ACGI)* ay darating sa Abril 7 para makipagpulong kay Gob. Edgardo A. Tallado para maipaliwanag ang kani-lang misyon at makuha ang pananaw ng gobernador sa pokus at disenyo ng *electronic database system*, isang bagong proyekto ng *UNICEF* para sa *Provincial Government of Camarines Norte (PGCN)* at *LGU* Mercedes.

Kasunod ito ng pagkapili ng *UNICEF* sa *PGCN* at *LGU* Mercedes bilang *pilot areas* ng proyekto dahil sa kanilang mahusay na *disaster risk reduction (DRR)* at *social development programs*.

Bubuuin ang *database system* para makalap ang mga impormasyon/datos ukol sa mga panganib at risgo *(hazards and risks)* na banta sa mga kabataan at kanilang pamilya gamit ang mga *social development indicators* na makatutulong sa mga pamahalaang lokal sa pagbalangkas ng kanilang *development and disaster risk reduction planning*. Sa sandaling mabuo ang *database system*, ang tamang paggamit nito ay ituturo ng *UNICEF* sa itatalagang kawani ng pamahalaang panlalawigan.

Ang proyekto na bahagi ng *GOP-UNICEF Programme of Cooperation for 2011-2016* ay may layuning makapag-*generate* ng kinakailangang *statistics*, *tables* at *spatial maps* na pwedeng gamitin sa pag-analisa ng mga datos para sa *development and emergency planning* at *response execution* pati ang *monitoring* at *evaluation*.

Kinuha ng *UNICEF* ang serbisyo ng *ACGI* ngunit hiningi nila ang kooperasyon ng pamahalaang panlalawigan para maluwag silang makakuha ng mga datos at malaman ang kasalukuyang sistema na ginagamit ng probinsya na mahalagang batayan sa pagbuo ng naturang *electronic database system*. Para matiyak na magiging kapaki-pakinabang at *user-friendly* ito sa mga pamahalaang lokal, hiniling din ang tulong ng *PGCN* para sa pagdisenyo nito.

Samantala, pagkatapos ng pagbisita sa tanggapan ng gobernador, ang *UNICEF* at *Alcanz Team* na pamumunuan ni *UNICEF DRR Consultant* Dante Eleuterio ay makikipagpulong naman kina *Acting Provincial Planning and Development Coordinator* Elena B. Austria at *Provincial Dis-*

*(Sundan sa pahina 4)*

# DILG-OPDS ...

*(Mula sa pahina 1)*

*DILG Fund 2012* samantalang ang isa pang proyektong bibisitahin nila ay ang Labo *Water System* na mula naman sa SALINTUBIG ang pondo.

Sa pamamagitan ng *powerpoint presentation* na inihanda ng PAMANA *team* ay ipinakita ang mga larawan bago, habang at pagkatapos maisagawa ang mga nabanggit na proyekto gayundin ang deskripsyon ng proyekto gaya ng haba at sukat at bilang ng mga barangay at mga residente na nabenepisyuhan ng proyekto at naging epekto nito sa komunidad

Mula sa mga ulat na ito ay nagsagawa ang *OPDS* ng balidasyon ng mga nasabing proyekto sa loob ng tatlong araw, mga petsang Marso 12-14, 2014. Kasama nilang bumisita sa mga proyekto ang mga inhenyero ng *Provincial Engineering Office (PEO)* na sina *Engr.* Rey Neo, *Engr.* Roberto M. Pandi at *Engr.* Christian Tala.




Ang rehiyong bikol ay kabilang sa mga *target areas* ng OPAPP-PAMANA na may "*peace agreement, conflict-affected and vulnerable communities* at dito sa Camarines Norte ay kabilang ang bayan ng Labo partikular ang mga barangay na nabanggit. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***



***Improvement of Water Supply System from Level 1 to Level 2, Brgy. Masalong, Labo***

# Bagong programa...

*(Mula sa pahina 8)*

*reau of Broadcast Services (PBS-BBS)*.

Tinalakay sa maghapong pagtitipon ang *PBS-BBS Programming Policies; Ethics of Journalism; Radio Miscellany* at ang *Memorandum of Agreement between Provincial Government of Camarines Norte and PBS-BBS*.

Ang DWCN *96.9 fm* o kilala sa tawag na Radyo ng Bayan (RNB) dito sa Camarines Norte ay nasa ilalim ng patnubay ng PBS-BBS na nasa ilalim naman ng *Presidential Communication Operation Office*.

Ang pagdaraos ng *orientation* seminar ay isa lamang sa mga hakbang na ipinatutupad alinsunod sa direktiba ni Gob. Edgardo A. Tallado na pag-ibayuhin at pagandahin ang pamamalakad ng *RNB*.

Noong Agosto 2013 ay kanyang itinalaga ang kasalukuyang *Community Affairs Officer IV* na si Jing Arriola Calimlim na *Acting Provincial Information Officer* at inilagay sa kanya ang pagsubaybay sa Radyo ng Bayan.

Bago magtapos ang 2013 ay nilagdaan ang *MOA* sa pagitan ng pamahalaang panlalawigan at *PBS-BBS*. Ang *renewal* ng *permit* sa *National Telecommunications Office* ay inasikaso din.

Nagtungo rin dito ang technical *team* ng *PBS-BBS* upang suriin ang kalagayan ng mga *equipment* ng RNB at bunga ng kanilang rekomendasyon, sa 2014 badyet ay nakapaloob na ang pagbili ng mga bagong kagamitan tulad ng *studio transmitter link* at iba pa na sa kasalukuyan ay nasa proseso na ang *purchase order* .

Nakapasa rin kamakailan ang 5 *reporters* ng Radyo ng Bayan sa *accreditation examination* na ibinigay ng Kapisanan ng mga Broadcasters ng Pilipinas (KBP).

Samantala ang mga *frontline* offices ng pamahalaaang panlala-wigan na naghahatid ng mga pangunahing ser-bisyo sa mamamayan ay mapapakinggan isang beses isang linggo sa RNB.

Ito ang kanilang mga programa: Kalusugang Pangkalahatan ng *Provincial Health Office*; Handog Kalinga ng *Provincial Social Welfare and Development Office (PWSDO)*; Kultura at Lipunan ng *Museum, Archives Services and Cultural Affairs;* Agri-Pinoy sa Radyo *ng Office of the Provincial Agriculturist;* Paghahayupan ng *Provincial Veterinary Office;* Kabalitaan at Kasangga sa Kahandaan ng *Provincial* Disaster *Risk Reduction & Management Office*, at Buhay at Kalikasan ng *LGU-Provincial Environ-ment & Natural Resources Office* at *Department of Environment and Natural Resources.*

Ang Sangguniang Panlalawigan ay magkakaroon din ng regular na programa sa Radyo na ang mamamahayag mismo ay si Bise Gob. Jonah Pimentel. ***jing@calimlim***

# PAMANA FMR bago simulan at pagkatapos



***Concreting of Farm to Market Road, Brgy. Submakin, Labo***



***Concreting of Tigbinan Farm-to-Market Road, Brgy. Tigbinan, Labo***



***Concreting of* Maot *FMR*, Brgy. Maot, Labo**

# 2014 GRADUATION

**HON. GOV. EDGARDO A. TALLADO**
**MESSAGE to the GRADUATES**

Today, I am a proud spectator of your celebration.

This is the time of the year where academic excellence takes center stage, but more than anything else – today is a celebration of every family's triumphant journey to a personal milestone.

Students, consider your achievement today as a stepping stone to attain your dreams. I believe your generation is a home of trail blazers and achievers. You will eventually supersede the current leaders, and be the harbinger of the brave new world. Evidently, to accomplish such feat – the presence of a mentor is essential. Thank your parents and teachers for heralding a world of boundless possibilities.

Parents and teachers, I sincerely admire your remarkable diligence to ensure that the next generation's future is on the right course. As always, there shall be challenges ahead, but a parent/educator --- no matter the complexity of a situation – constantly finds a necessary solution. Equally meritorious is your display of often-furtive fortitude in face of ordeals.

*"Hindi Natitinag ang Pusong Pilipino."* Indeed.

Above all else, let us continue to encourage the youth; be their beacon of trusted wisdom; and the proverbial wind beneath their wings.

*Ang atin pong mithiin ay mabigyan ng pagkakataong makapag-aral ang bawat kabataan sa lalawigan ng Camarines Norte. Sa patuloy nating pagtutulungan, ito ay abot-kamay.*

My heartfelt congratulations to everyone, on this very special day.

# CN Tourism Summit 2014 pagpapalakas..

*(Mula sa pahina 1)*

Sa kanyang unang termino ay pinasimulan ni Gob. Tallado ang tinaguriang *major tourism infrastructure* sa lalawigan - ang *Cory Aquino Boulevard* sa Brgy. Bagasbas, Daet. Matatandaan din na kamakailan lamang ay nanalo sa *online voting* ang Calaguas *Island*, kung saan itinanghal ito bilang *Number 1 Philippine Gem*.

Dumalo at masusing sinubaybayan ni *Board Member* Pamela Pardo, *chairperson* ng *SP Committee on Tourism* sa Sangguniang Panlalawigan ang naging daloy ng gawain at ang mga paksang tinalakay sa *provincial tourism summit*. Naroon din si Mayor Tito Sarion ng Daet, Mayor Joseph Ascutia ng Labo, at iba pa.

Ang bilang ng dumalo ay 140 katao na kinabibilangan ng mga *municipal tourism officers* ng 12 bayan, 64 *tourism stakeholders*, 10 hepe/kawani mula sa iba't-ibang tanggapan ng pamahalaang panlalawigan, 8 *tour operators*, mga kinatawan ng *media*, maliban sa iba pa.

Ang *Camarines Norte's Tourism Programs and Projects* ay iniulat ni *Supervising Tourism Operations Officer Atty.* Debbee Francisco na siyang punong abala sa tatlong-araw na programa. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO/NORGENE ABARCA/jing a. calim-***



*Lumalagda si BM Pamela Pardo, SP Chairman on Tourism sa kanyang panata sa pagsusulong ng tur-*



*Si dating Department of Tourism (DOT) Secretary Mina Gabor na isa sa mga tagapagsalita sa Tourism Summit na kamakailan ay nandito rin sa lalawigan at dumalo sa Farm Tourism Congress.*



*Si Dir. Roberto P. Cereno ng University of the Philippines, Los Baños (UPLB) na nangasiwa sa isinagawang workshop para sa strategic planning for Camarines Norte Tourism Development.*

# e-data base para sa ...

*(Mula sa pahina 3)*

*aster and Risk Reduction Management Officer* Carlos C. Galvez upang repasuhin nila ang mga paunang datos na nakalap gayundin ang pag-rebyu sa mga mapa gayundin ang *database*.

Simula Abril 8-11 ang *UNICEF* at *Alcanz Team* ay makikipagpulong sa mga opisyal ng *Dept. of Social Welfare and Devt.; Dept. of Education; Provl. Nutrition Action Office; Dept. of the Interior and Local Government-CN; Public Attorney's Office; Department of Public Works and Highways* at *Provl. Information Office*.

Sa Abril 9 ay makikipagpulong naman sila kay Mercedes *Mayor* Alex Pajarillo, *MPDO* Mike Totanes at *MDRRMC* Jude Alvin Hernandez at kinabukasan, Abr. 10, bibisita sila sa 3 *pilot barangays* sa Mercedes.

Sa loob ng 5-araw, aalamin ng grupo ang mga kalamidad na dumaan sa lalawigan; anong tanggapan/ahensya ang nagbigay-impormasyon ukol sa mga *disaster risks* na hantad ang lalawigan; nakikitang kahinaan ng probinsya sakaling may dumating na kalamidad; makakalap ng paunang impormasyon at datos na kasalukuyang ginagamit sa *DRR planning* at pagresponde sa mga emerhensya *(emergency response)* mayroon o walang mga kabataan na isinasaalang-alang at makuha ang pananaw nila ukol sa pokus at disenyo ng *electronic database system*. **LORENA DELA TORRE-IBASCO**


Tagumpay ng Katuwiran, Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

**EDITORIAL BOARD:**

CHAIRMAN:
**EDGARDO A. TALLADO**
*Governor*

VICE CHAIRMAN;
**JOSE G. BOMA**
*Executive Asst. IV & OIC Provincial Administrator*

MEMBERS:
- Phil Information Agency
- Jing A. Calimlim, *Community Affairs Officer IV*
- Atty. Debbee G. Francisco, *Supervising Tourism Operations Officer*
- Abel C. Icatlo, *Museum Curator I*

Rikki Vito, *Communications Liaison, Prov'l. Information Office*

**EXECUTIVE EDITOR:**
JING ARRIOLA CALIMLIM

**NEWS EDITOR:**
Lorena T. Ibasco,

**LAYOUT:**
Engr. Wilson V. Porcincula

**PHOTOGRAPHER**:
Luigi Martin P. Querubin.

**CIRCULATION**:
Marcial P. Ferrer

**INFORMATION OFFICER DESIGNATES:**

**G.O-MASCD**- Aida B. Pandeagua;
**G.O-LSD**-Dario C. Dime
**G.O PCSSD**- PGII Virgel T. Zantua
Aries Balbas
**GSO**-Gina B. Racelis,
**OPAg**-Melinda L. Jerez;
**PAcctO**-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimenez
**PAssO**-Nerissa A. Augusto & Jeffrey M. Regidor
**PBO**-Estela P. Adorna;
**PDDDRMO** -Arnel S. Ferrer,
**PENRO**-Gonzalo C. Binay;
**PEO**-Jeremias Ibana & Lilian Corazon T. Atienza;
**PHO**-Marino Abogado
**PLO**-Donna A. Guevarra
**PPDO**-Marilyn P. Asis;
**ProVet**-Samuel O. Villagen; ;
**PSWDO**-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho, Dolores Tresmonte;
**PTO**-Ma. Victoria A. Estacion & Vilma L. Barra;
**SP**-Josephine Q. Badong


# Libreng...

*(Mula sa pahina 2)*

Gng. Ma. Theresa Galvan, *Assistant Administrator Designate* ng *BMC Department of Psychiatry* ang pakikiisa ng mga munisipyo sa 12 bayan ng Camarines Norte. Sa tulong ng mga punong bayan, hinihikayat niya ang mga *Municipal Health Officers (MHOs)* at mga *Municipal Social Welfare and Development Officers (MSWDOs)* na mapapunta sa *mental mission* ang mga batid nilang nangangailangan ng *psychiatric help* mula sa kanilang nasasakupang bayan.

Pinag-usapan ang mga pangangailangan tulad ng paghahanda ng lugar at angkop na ayos ng lugar para sa mga magpapasuri; ang kaukulang seguridad; ang pagpapalaganap ng impormasyon sa publiko at ang akomodasyon para sa mga taga-*BMC*. Ang kanilang grupo na magsasagawa ng misyon dito ay kabibilangan ng 3 *psychiatrists*, 2 *psychologists*, 1 *pharmacist*, mga narses at *social workers*. ***Jing Calimlim***

# MGA Piling Larawan




*Kasabay ng multi-services caravan ay isinagawa ang pasinaya ng proyektong Covered Court ng Pamahalaang Panlalawigan sa San Vicente Elementary School na pinangunahan nina Gob. Edgardo A. Tallado, Vice Gov. Jonah Pimentel at Mayor Francis Ong, samantalang si Fr. Lily Lorona ang siyang nagbasbas ng proyektong ito na labis na ipinagpapasalamat ng mga mag-aaral at guro roon.*




*Sa pagtungo ng multi-services caravan ng kapitolyo sa Brgy. San Felipe, Basud ay isinabay ang pasinaya ng proyektong construction of Purok 3 farm to market road sa ilalim ng pagtutulungan ng Pamahalaang Panlalawigan at ng Department of Agrarian Reform.*




*Ang mga resource speakers sa Talakayang isinagawa ng PIA para sa panlalawigang selebrasyon dito ng Buwan ng Kababaihan.*



*Si Gob. Edgardo A. Tallado (nasa dulo, kanan) kasama ang iba pang mga gobernador mula sa iba't-ibang lalawigan sa bansa sa kanilang pagdalo sa isang pulong ng Governor's League na idinaos sa Manila Hotel kamakailan.*




*Masayang nagpakuha ng larawan ang mga guro kasama si Gob. Tallado sa bagong proyektong waiting shed sa Hinipaan Elementary School na pinasinayaan nang magtungo roon ang Multi-Services Caravan noong nakaraang buwan.*



*APTC MALAPIT NA! — Ang mga itinalagang kawani mula sa iba't-ibang tanggapan ng Pamahalaang Panlalawigan para mag-repaso ng Agri-Pinoy Trading Center (APTC) Operations Manual na kanilang binabasa sa wide screen. Ang nasabing manual ang siyang magiging gabay sa pamamalakad ng APTC na malapit nang pasinayaan.*

# Pahayag ng PROVET, Anti-rabies vaccine hindi dahilan ng pagkakagalis ng aso

HINDI TOTOO na ang pag-iniksyon ng *anti-rabies vaccine* sa mga aso ang dahilan ng kanilang pagkakagalis, ito ang binibigyang-diin ng mga kawani ng *Provincial Veterinary Office (PROVET)* sa pagpapatuloy ng kanilang *anti-rabies vaccination drive* sa iba't-ibang barangay ng lalawigan sa pakikipag-ugnayan sa mga lokal na opisyal ng barangay at mga munisipyo.

Ang pahayag ng *PROVET* ay dahil sa patuloy na pagtanggi ng ilang mga nagmamay-ari ng aso na pabakunahan ang kanilang mga alagang aso dahil sa maling akala o paniniwala na ang *anti-rabies vaccine* ay nagdudulot ng galis sa aso.

Ayon sa *PROVET*, nagkakagalis ang aso sanhi ng mga *parasites* (parasito) gaya ng pulgas, bulate, garapata, at iba pa gayundin ang *allergy/ies* at ang kakulangan sa nutrisyon na nagiging dahilan ng paghina ng resistensya ng kanilang katawan para labanan ang bakuna.

Nakakaalarma kung magpapatuloy na hindi makikiisa ang mga mamamayan sapagkat ang rabis ay nakamamatay, lalo na at may mga napabalitang *rabies cases* dito sa Camarines Norte kaya hinihingi ng *PROVET* ang buong suporta at kooperasyon ng publiko sa *anti-rabies campaign* na isinusulong ng kanilang tanggapan.

Dahilan dito at bukod pa sa *Rabies Awareness Month* din ngayong Marso 2014, pinamuling tatag ni Gob. Edgardo A. Tallado ang *Provincial Rabies Control Council (PRCC)* para lalong makatulong/mapakilos ang mga *Municipal Rabies Control Councils (MRCCs)* at *Barangay Rabies Control Councils (BRCCs)* dito sa Camarines Norte. Ito ay sa pamamagitan ng pagpapalabas ng Kautusang Tagapagpaganap Blg. 2014-13 na susog sa *Republic Act No. 9482* o *Anti-Rabies Act of 2007*, at sa Panlalawigang Ordinansa Blg. 26-03 kung saan tinukoy rin ang tungkulin at responsibilidad ng mga kaukulang pamahalaang lokal, pambansang ahensya at pribadong sektor para mapaigting ang malawakang kampanya para maging *rabies-free* ang ating lalawigan ng Camarines Norte.

Ang rabis ay isang *virus* na nakaaapekto sa utak at *spinal cord* ng mga *mammals* kasama na ang mga aso, pusa at tao. Bukod dito, ang *most accurate test* para malaman kung may rabis o

(Sundan sa pahina 7)



***Regular na gawain ng Provincial Veterinary Office ang pagbabakuna sa mga aso. Sila ay sumasama sa multi-services caravan para magbakuna ng aso sa mga barangay na pinupuntahan tulad ng nasa larawang ito na kuha sa Barangay 1, Daet.***

# Responsible dog...

(Mula sa pahina 8)

biktima ang nagbuwis ng buhay.

Nakakaalarma aniya kung patuloy na hindi makikiisa ang mga mamamayan sa kampanya kontra rabis sapagkat ang rabis ay isang *virus* na nakaaapekto sa utak at *spinal cord* ng lahat ng *mammals* kasama na ang aso, pusa at tao. Nalilipat sa tao ang rabis kapag nakagat ng asong may rabis na sa kalaunan ay maaari nitong ikamatay kapag hindi agad nagamot.

Ito ang mga dahilan kaya masugid na isusulong ni *BM* Herrera na mas palawakin pa ang pagbibigay ng impormasyon sa publiko ukol sa panganib ng rabis. Kinakailangan din aniya ang pakikiisa ng mga mamamayan upang siguraduhing ligtas ang bawat isa sa panganib ng aso kung responsable nila itong inaalagaan.

Samantala, pinamuling tatag ni Gob. Edgardo A. Tallado ang *Provincial Rabies Control Council* . ***jcalimlim***

# Proyektong ...

(Mula sa pahina 1)

siyang dadaluyan ng pondo sakaling ito ay mapagtibay.

Nagsimula ang mga proyektong PAMANA dito sa Camarines Norte noong taong 2011 kung saan 5 proyektong kalsada na may kabuuang P140 milyong pondo ang inindorso ng pamahalang panlalawigan na napondohan sa ilalim ng *Office of the Presidential Adviser on Peace Process (OPAPP)* at ipinatupad ng pamahalaang panlalawigan gaya ng:

1) Brgy. Sta. Rosa Sur, Jose Panganiban na magdurugtong sa Brgy. San Rafael – P20 milyon;

2) Pambuhan-Lanot (Mercedes) *Provincial Road* - P20 milyon;

3) Malibago-Malaya FMR (Labo) – P40 milyon;

4) Bakiad-Sta. Cruz-Fundado *Farm-to-Market Road (FMR)*- P10 milyon, at

5) *Concreting/ Gravelling* ng Brgy. Excibam-Nalisbitan-Dumag-mang *FMR* - P 50 milyon.

Sa ilalim pa rin ng PAMANA, noong 2012 ay labing-isang (11) proyekto na may kabuuang pondo na P20 milyon ang muling dumaloy sa Camarines Norte sa pamamagitan ng *Department of the Interior and Local Government (DILG)*.

Sa nakalipas na taong 2013 naman ay 9 na iba't-ibang proyekto na may kabuuang pondong P105 milyon ang panibagong natamasa ng Camarines Norte mula sa mga ahensiya ng *DILG, DA* at *National Irrigation Administration (NIA)*. Nagbigay naman dito ng 10 porsyentong kabahaging pondo *(counterpart fund)* ang pamahalaang panlalawigan.

Sa isinagawang *Workshop on Local Peace and Development Planning* kamakailan ay nabanggit din ang P81 milyon na mga *PAMANA projects* ngayong taon.

Maayos na naipatupad ng pamahalaang panlalawigan ang mga proyektong natapos na at muling siniguro ni Gob. Tallado na ang mga *on-going PAMANA projects* at darating pang mga proyekto sa hinaharap ay mahusay na ipatutupad ng kanyang administrasyon. ***JCA-LIMLIM***

# Sinisimulan panibagong pagkakakitaan-fertilizer mula sa basura at castor bean seeds production

Isusulong dito sa Camarines Norte ang *bio-fermentation technology* na isang pamamaraan upang ang mga basurang nabubulok ay maging kapaki-pakinabang at maging pataba upang mapataas ang ani ng mga produktong pang-agrikultural at maging isa rin itong alternatibong pagkakakitaan, ika nga "may pera sa basura".

Kaugnay nito, inanyayahan ng pamahalaang panlalawigan sina Dr. Teofilo T. Vergara, *director, Technology Resource Development and Chief Operating Officer, CLSU Alumni Foundation Inc.* at Dr. Eliseo L. Ruiz, *Ph.D. in Food Engineering* upang ipalaganap ang nasabing programa. Sa pamamagitan nila kasama si G. Agustin Mago, dating *Provincial Agriculturist* ng ating lalawigan at naging *Regional Director* ng *Department of Agriculture-Bicol,* hihikayatin nila ang mga magsasaka at may-ari ng lupa upang mag-*invest* sa mga nasabing gawain.

Kaugnay nito, idinaos noong Mars 31, 2014 sa Basud *Agro-Sports Center* ang *Launching of Dumpsite Biodegradable Waste Processing into Superior Organic Fertilizer and Unlimited Production of Castor Bean Seeds.*

Ang nabanggit na gawain ay tinampukan din ng isang demonstrasyon – mula sa *waste* o basura na *coco peat* sa *BACOPICO Coco Coir Processing Plant* sa Brgy. Laniton, Basud ay ipinakita ang proseso upang ito ay maging *fertilizer*.

Ayon kay Dir. Mago, sinusuportahan ni Gob. Edgardo A. Tallado ang mga pagkilos na tulad nito na epektibong *solid waste management* at pwede pang pagkakakitaan.

Sa pamamagitan ng isang *powerpoint presentation*, ang prosesong nakapaloob sa naturang teknolohiya ay ipinakita ni Dr. Teofilo T.Vergara.

Ang *bio-fermentation technology* gamit ang *Bio-Plus Activator (BPA)* ay ipinaliwanag naman ng

(Sundan sa pahina 7)

***Interesadong nakikinig ang mga participants sa pagpapaliwanag ukol sa pagproseso ng mga basurang nabubulok mula sa dumpsites upang gawing pataba sa pananim.***





***(larawan sa ibaba) Si Dr. Teofilo T.Vergara, at Dr. Eliseo L. Ruiz na tutulong sa Camarines Norte upang isulong ang fermentation technology at gayundin ang mass production ng castor bean seeds. Ito ay sa paanyaya ni Gob. Tallado sa pamamagitan ni G. Agustin Mago na naging Provincial Agriculturist ng lalawigan at dating regional director ng Department of Agriculture.***

# SP hinihiling na...

(Sundan sa pahina 8)

mga magbabayad lamang ng P25.00 at pataas na pasahe ang kinakailangang isyuhan ng resibo. Hindi rin naman umaabot sa nasabing halaga ang pamasahe sa traysikel sa bawat bayan dito sa lalawigan.

Binigyang-diin ni *RDO* Pulhin na wala sa kanyang kapangyarihan ang pagdedesisyon ukol sa naturang mga kahilingan at ang sa kanyang panig lamang ay iparating sa kanilang punong tanggapan ang nasabing mga *concerns*.

Ayon pa sa kanya ay pansamantala lamang ang hindi muna pagbabayad ng mga *tricycle operators* hanggang wala pang tugon si *BIR Commissioner* Kim Henares sa ipinaabot na kahilingan ng nasabing *transport sector* dito.

Inanyayahan din sa sesyon ang mga *Federation Presidents* ng mga traysikel sa labindalawang (12) bayan ng Camarines Norte at ang mga *Committee Chairman* ng *Public Utility* sa mga Sangguniang Bayan.


Sa nasabing kapulungan ay nagpahayag din ng iba't-ibang saloobin ang mga *tricycle operators* kung saan nalaman na maging ang simpleng pagpunan *(fill-up)* sa dokumento ay ayaw na ring gawin ng ilang *operators*.

Sa panig ng Sangguniang panlalawigan ay nauunawaan anila ang kalagayan ni *Revenue District Officer* Thelma Pulhin at maging mismong si *BIR Commissioner* Kim Henares. Ginagampanan nila ang kanilang mga tungkulin ayon sa nakasaad sa batas kung kaya't hindi ganun kadaling maaaksyunan ang nasabing kahilingan. Ang mas kinakailangan aniya na maamyendahan ay ang kaukulang batas na tumutukoy hinggil dito.

Sa pagtatapos ng sesyon, napagkasunduan ng Sangguniang Panlalawigan na magpasa ng tatlong (3) resolusyon. Isa rito ang pagpapaabot ng suporta sa unang resolusyong ipinasa ni Konsehal Rosa Mia King ng Sangguniang Bayan ng Daet na humihiling kina *1st District Representative* Catherine Barcelona -Reyes at *2nd District Representative* Elmer E. Panotes na makapagbalangkas ng kaukulang *House Resolution* para sa kahilingang hindi na ipatupad ang *RMO* # 7 dito sa Camarines Norte.

Ang pangalawa ay ang kahalintulad ding resolusyon na naka-*addressed* pa rin sa nasabing mga kinatawan, at ang pangatlo ay ang kahilingan sa mismong Mababang Kapulungan ng Kongreso na amyendahan ang bahaging ito na nakasaad sa *National Internal Revenue Code* sa layuning makuha ang mas tiyak na solusyon sa nasabing suliranin.

Bibigyan ng sipi ng tatlong (3) nabanggit na resolusyon ang lahat ng Sangguniang Panlalawigan sa Pilipinas sapagkat mas magiging malakas umano ang pagkilos kung makakasama nila ang lahat na mga lokal na mambabatas sa bansa na inaasahang magpapasa rin ng kahalintulad na resolusyon. Naniniwala ang Sangguniang Panlalawigan na hindi lamang ito problema ng *tricycle sector* sa Camarines Norte kundi maging sa iba pang probinsya sa buong Pilipinas.



REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
DEPARTMENT OF FINANCE
BUREAU OF INTERNAL REVENUE

FEB 05 2014
RECEIVED
February 05, 2014

REVENUE MEMORANDUM CIRCULAR NO. 7-2014

SUBJECT : CLARIFYING THE ISSUES ON THE REGISTRATION AND COMPLIANCE REQUIREMENTS OF MARGINAL INCOME EARNERS PURSUANT TO REVENUE REGULATIONS NO. 7-2012

TO : All Internal Revenue Officers and Others Concerned

This Circular is being issued to clarify the issues and reiterate the registration as well as compliance requirements of Marginal Income Earners (MIE) pursuant to Revenue Regulations (RR) No. 7 -2012.

MIE as defined in Section 3 of the same RR provides:

*"Marginal Income Earner – shall refer to those individual whose business do not realize gross sales or receipts exceeding P100,000 in any 12-month period."*

The individual referred to in that section is an individual not deriving compensation as an employee under an employer-employee relationship but who is self-employed and deriving gross sales or receipts not exceeding P100,000 in any 12-month period. Moreover, the **activities of such MIE should be principally for subsistence or livelihood**. The MIE, as herein defined, shall include but not limited to agricultural growers/producers (farmers/fishermen) selling directly to ultimate consumers, small sari-sari stores, small carinderias or "turo-turos", drivers/operators of a single unit tricycle, and such, but shall **not** include licensed professionals, consultants, artists, sales agents, brokers and others similarly situated, including all others whose income have been subjected to withholding tax.

**REGISTRATION AND COMPLIANCE REQUIREMENTS**

The incidence of being a MIE as required under RR 7-2012 covers the following privileges and minimum registration and tax compliance requirements:

1. Registration with the Bureau using BIR Form 1901 with the following minimal documentary requirements:
   i. Sworn Statement of Income for the year (Annex "A"); and
   ii. NSO Certified or Local Civil Registry Birth Certificate;
2. Exemption from the payment of Annual Registration Fee (ARF);
3. Registration of Books of Accounts (e.g. two-column journal or other simplified books for daily expenses and revenues);
4. Issuance of registered principal receipts/sales invoices as prescribed under RMO 12-2013;
5. Filing and Payment of Annual Income Tax Return using BIR Form 1701 similar to any other self-employed individuals; and
6. Exemption from payment of business taxes (i.e. VAT or any Percentage Tax).

The BIR District Office, upon evaluation of application for registration, shall issue the Certificate of Registration and shall likewise ensure compliance with the registration of books of accounts, and issuance of Authority To Print for their Principal Receipts/Sales Invoices.

All internal revenue officers and employees are hereby enjoined to give this Revenue Memorandum Circular as wide a publicity as possible.

KIM S. JACINTO-HENARES
Commissioner of Internal Revenue

H-2




**BAGONG UNIPORME PARA SA MGA BOARDERS – Ito ang bagong unipormeng *t-shirts na* presko ang tela na para sa mga nakakulong sa Provincial Jail na tinatawag ni Gob. Edgardo A. Tallado na *boarders* na mas swabe sa pandinig ng mga *inmates*. Nasa larawan din si Acting Provincial Jail Warden Rey Pajarillo *(dulong kanan)* at ang dalawang *boarders* na kumakatawan sa iba pa nilang kasamahan (dulong kaliwa at ikalawa mula sa kanan).**

# Prov'l. jail boarders patuloy na sinasanay sa massage therapy, atbp skills training

Sipag at Tiyaga: Tungo sa Marangal na Pamumuhay" ang tema ng *Completion Day of Massage Therapy* na, masugid na isinusulong para mapagyaman ang potensyal at kakayahan ng mga *inmates* sa *Camarines Norte Provincial Jail (CNPJ)* para matulungan sila na makapagbagumbuhay at maging responsable at kapakipakinabang din na mga mamamayan.

Sa nasabing *completion day* na idinaos kamakailan sa *3rd Floor, CNPJ Bldg.*, 30 *CNPJ inmates* ang binigyan ng katibayan ng pagtatapos ng *massage therapy skills training* na itinaguyod ng *Rotary Club of Daet North (RCDN)* sa pamamagitan ng pagsagot sa *honorarium* ng *massage therapy trainer*. Ang mga benepisyaryong *inmates* ay sumailalim sa tigda-2-oras na pagsasanay sa loob ng 10 araw o katumbas na 20 *training hours*.

Ayon kay *Asst. Provincial* Warden Pajarillo, inaasahan niya na taun-taon nang pupunduhan ng *RCCN* ang mga gastusin para sa nasabing pagsasanay. Idinagdag niya na maliban sa *massage therapy skills training*, plano rin niyang hingin ang ayuda ng *Masonry Lodge 107* para mabigyan ng iba pang *skills training* ang mga *CNPJ inmates*.

Nagpaabot din ng

(Sundan sa pahina 2)

# Sinisimulan...

(Mula sa pahina 6)

mismong imbentor nito na si Dr. Eliseo L. Ruiz. Dati rin siyang nanungkulan bilang pangulo ng *Central Luzon State University*.

Sa ilalim ng nasabing teknolohiya, ang mga nabubulok na basura ay magiging 'ginto' sapagkat maaari itong pagkakitaan. Ang makokolektang nabubulok na mga basura ay ipuproseso para gawing *superior and genuine fertilizer* na pinangalanang *PLANTMATE* na nagtataglay ng tatlong (3) *major elements* at 25 *micronutrients and beneficial bacteria*.

Sa kasalukuyan, mayroon ng produksyon ng *PLANTMATE* sa mga bansang *China*, *Malaysia*, *Indonesia*, *Middle East*, *California (USA)*, *New Zealand*, *Australia*, *Kenya*, at iba pa. Ginawaran na rin ito ng *Chinese government* ng *certificate of product excellence* sa pamamagitan ng *quality and reliability enterprise*, ang *counterpart* ng *ISO* sa *China*.

Dumating din sa nasabing okasyon sina Romeo R. Marmol, *Chairman, SP Committee on Agriculture*, *Board Member* Pol Gache na kumatawan din kay Gob. Tallado, *Board Member* Reynoir "Bong" Quibral, Basud *Mayor* Dominador S. Davocol, Jr. At *Acting Provincial Agriculturist* Francia C. Pajares na nagbigay rin ng kani-kaniyang mensahe. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO/JCALIMLIM***

# Pahayag ng PROVET...

(Mula sa pahina 6)

wala ang alinmang aso ay sa pamamagitan lamang ng *fluorescent antibody test (FAT)* kung saan ang *brain tissue* ng hayop ang ini-eksamin kaya isinasagawa lamang ito kapag patay na ang aso o anumang hayop.

Nalilipat sa tao ang rabis kapag nakagat ng asong may rabis na sa kalaunan ay maaari ring ikamatay ng biktima kapag hindi agad nagamot. Kapag nakagat ng aso, kailangang linisin agad nang husto ang nasugatang parte ng katawan gamit ang sabon at banlawan ng malinis na tubig at agad magtungo sa *Animal Bite Treatment Center* na nasa *Camarines Norte Provincial* Hospital *(CNPH)*, Daet para mabakunahan agad kontra rabis.

Dahil dito, hinihikayat ng *PRRC* ang lahat na maging responsableng may-ari ng aso sa pamamagitan ng pagpapabakuna sa kanilang mga alagang hayop na malaki ang posibilidad na makakagat din sa kanila. Higit sa lahat – iisa lang ang ating buhay at ng ating kapwa-tao na dapat nating pangalagaan sa lahat ng oras at pagkakataon. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***

# SP hinihiling na ma-exempt ang mga tricycle operators sa pagbabayad sa BIR

Dadalhin ng Sangguniang Panlalawigan (SP) sa buong Pilipinas ang usapin ukol sa reklamo hinggil sa ipinatutupad na ***Revenue Memorandum Circular # 7*** o ang pag iisyu ng mga resibo/tiket ng mga *marginal income earners* sa bansa, kasama na ang mga *tricycle operators*.

Magugunitang unang nabuksan ang usapin sa Sangguniang Bayan ng Daet na nagresulta sa pagpapasa ng dalawang resolusyon ukol dito. Una ay ang kahilingan kay *BIR Commissioner* Kim Henares na ma-*exempt* ang *Tricycle Sector* sa Bayan ng Daet sa *Authority to Print* na bahagi ng nabanggit na *Revenue Memorandum Circular # 7* at ang kahilingan sa dalawang kinatawan ng Camarines Norte na maamyendahan ang naturang bahagi ng batas.

Susog dito, inanyayahan ng SP si *Camarines Norte BIR Revenue District Officer* Ms. Thelma Pulhin noong Marso 26, 2014 upang mabatid ang mga itinatakda ng nasabing *memorandum circular* sa harap ng hangarin ng SP na isulong ang kahilingang ma-*exempt* ang mga *tricycle operators* sa Camarines Norte.

Nais ng SP na malinawan kung bakit nakasama ang sektor ng traysikel gayong malinaw naman sa isinasaad ng batas na tanging ang

(Sundan sa pahina 7)



**NO TO ISSUANCE OF RECEIPTS -** ***March 26, 2014 Regular Session of Sangguniang Panlalawigan with Vice Governor Jonah G. Pimentel, Presiding Officer - Matamang pinakikinggan ng Sangguniang Panlalawigan Members ang mga pahayag ng mga pangulo ng Tricycle Drivers and Operators Federation mula sa 12 bayan ng Camarines Norte ( mga nakatayo sa bandang kanan) sa pagpapahayag ng kanilang hinaing ukol sa pagpaimprenta ng resibo para sa kanilang pamamasada na kailangang matugunan nila upang makapagparehistro sila sa Bureau of Internal Revenue.***

# Responsible dog care, isusulong ni BM Herrera

Inirekomenda ni *Board Member* Renee F. Herrera ang pag-aamyenda sa *Provincial Ordinance on Responsible Dog Ownership* upang maisusog sa *RA 9482* o *Anti-Rabies Act of 2007*.

Ito ang naging punto ng kanyang *privilege speech* sa Sangguniang Panlalawigan *session* sa unang bahagi ng taong 2014 kung saan inilahad niya ang mga naitalang kaso ng rabis ng aso sa lalawigan .

Batay sa datos, simula noong 1997 hanggang 2013 umabot na aniya sa 100 katao ang namatay dahil sa rabis. Sa loob ng taong 2013 nakapagtala ng 4,326 *rabies cases* at 3 dito ang namatay. Enero pa lamang ng taong ito ay 197 na ang naitalang kaso ng *dog bites* kung saan isang

(Sundan sa pahina 6)



**HON. RENEE F. HERRERA**
**Sang. Panlalawigan Member**
**Chairman, Committee on Health**

Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

**TAON 4, BLG. 11 DAET, CAMARINES NORTE MARSO 2014**
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com

# Bagong programa sa RNB tiyak na susubaybayan

Isang *Orientation Seminar* ang isinagawa ng Radyo ng Bayan sa pamamagitan ng *Provincial Information and Community Affairs Office* noong ika-14 ng Marso 2014 sa *Audio Visual Room, Provincial Capitol* at dinaluhan ng mga taga Radyo ng Bayan (RNB) at iba pang mga kawani ng kapitolyo.

Sa mga darating na araw ay mga bagong programa ang mapapakinggan sa nasabing himpilan upang mas maging epektibong behikulo ang radyo sa paghahatid ng impormasyon sa taumbayan at magsilbing gabay sa kanila upang makinabang at makiisa sa mga programa ng gobyerno lalo na ng pamahalaang panlalawigan.

Dahil dito, inihahanda ang mga kawani sa RNB datihan man o baguhan kasama ang mga kawani ng pamahalaang panlalawigan na hahawak ng kanikanilang bagong programa sa radyo para sa maayos na daloy nito at siguruhing nasa tamang panuntunan ang kanilang pamamahayag.

Naging tagapagsalita dito ang mga nagmula pa sa *Philippine Broadcasting Service– Bu-*

(Sundan sa pahina 3)



***SA RADYO NG BAYAN ,KONEKTADO KA!- Ang mga taga-RNB at iba pang kawani ng pamahalaang panlalawigan na dumalo sa pagsasanay para sa mga pagbabagong anyo ng mga programa sa RNB para patuloy na kumonekta sa mga mamamayan ng Camarines Norte sa paghahatid ng impormasyon at balita. Kasama nila ang mga naging tagapagsalita (nakaupo mula sa dulong kanan): Miriam Basig - PBS Network Division; Allan Allanigue - DZRB; Ma. Julita Ramos - DWBR; Jun Romana - PBS Office of the Director at Acting PIO Jing A. Calimlim.***